Impormasyon ukol sa HIV (AIDS virus) at STD testing

2024 Ver.

- **Ang HIV Test ay kinakailangan. . Hindi puwedeng mag-test ng ibang STD test(syphilis, chlamydia, hepatitis B) lamang.**
- **Ang test ay libre at sikreto. Ipapaalam sa nagpa-test ang resulta at hindi ito ipapaalam gami ang telepono, email, o sulat.**
- **Kung may lagnat o ubo, mangyaring iwasang kumuha ng test.**
- **Magtanong o tignan ang homepage para sa pinakabagong impormasyon.**

(Osaka City HP Impormasyon sa Pagsusuri)

Testing Site・Lokasyon・Tel.	Pinakamalapit na Train station	Isinasagawang Test		Pagbibigay ng Resulta	Resrbasyon	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Kita Ward Office (Health and Welfare Center) 2nd Floor Tel. 06-6313-9882	JR Kanjo line Tenma Stn. o Osaka Metro Sakaisuji line Ogimachi Stn. Exit 2－B	Regular Test	HIV Syphilis Chlamydia	(Paalaala 1) 1 linggo sa parehong araw at oras ng pagsusuri	Hindi kailangan ng resebassyon	9：30 ～ 11：00	—	14：00 ～ 15：30	—	9：30 ～ 11：00 (Paalaala 3) May panggabi	—	—
Chuo Ward Office (Health and Welfare Center) 2nd Floor Tel. 06-6267-9882	Osaka Metro Sakaisuji line・Chuo line Sakaisuji Exit 3					—	9：30 ～ 11：00	9：30 ～ 11：00	9：30 ～ 11：00	—	—	—
Yodogawa Ward Office (Health and Welfare Center) 2nd Floor Tel. 06-6308-9882	Hankyu line Juso Stn. East Exit					14：00 ～ 15：30	9：30 ～ 11：00	—	—	—	—	—
Chuo Ward Office (Health and Welfare Center) 2nd Floor Tel. 06-6267-9882	Osaka Metro Sakaisuji line・Chuo line Sakaisuji Exit 3	Parehong arawa na test	HIV lamang	(Paalaala 2) Pagkatapos ng 2 oras ng Rapid Test		—	—	—	—	14：00 ～ 15：00 (Unang Biyernes lang nagsusuri)	—	—
chot CAST **Chot Cast** (Osaka Testing Consultation・Education・Support Center) 21 Shinsaibashi Building 4th Fl 1-7-30 Higashi Shinsaibashi, Chuo-ku 【Para sa katanungan at Pagsusuri】 Smart Life Clinic Tel. 06-4708-5035 (Sa oras ng pagsusuri lamang)	Osaka Metro Midosuji line Shinsaibashi Stn. Exit 5・6 o Osaka Metro Sakaisuji line Nagahori Stn. Exit 7	Regular Test	HIV Syphilis Hepatitis B	1 linggo sa parehong araw at oras ng pagsusuri		—	18：00 ～ 19：50 【unang 50 tao】	—	—	—	—	—
		Parehong arawa na test		(Paalaala 2) Pagkatapos ng 1-2 oras ng Rapid Test	(Paalaala 4) Kailangan ng reserbasyon	—	—	—	18：00 ～ 19：30	—	14：00 ～ 15：30	14：00 ～ 15：30 (Paalaala 5) may interpreter

★ **Mga dapat alalahanin sa pagbigay ng resulta**

(Paalaala 1) Maaaring tumagal nang higit sa 1 linggo kung may holiday tulad ng Golden Week, New Year holiday.

(Paalaala 2) Kapag ang resulta ng rapid test ay "kinakailangang ang higit na pagsusuri", ang pinal na resulta ay ibibigay pagkalipas ng isang linggo sa itinakdang araw.

U (You)-chan

★ **Araw na walang testing**

Walang testing na magaganap kung ang petsa ng test ay tumama sa araw ng holiday, New Year holiday , atbp.
Bukod doon, sarado ang chot CAST mula Agosto 13～Agosto 15 dahil sa holiday ng Obon.

★ **Kapag sinuspinde o itinigil ang mga pagsusuri sa bawat ward**

Walang itinakdang limitasyon sa bilang ng puwedeng magpasuri para marami ang makapagpasuri. Ngunit kung napakarami ang dumating nang sabay-sabay na magpapasuri o may dumating na natural na sakuna at hindi na maisasagawa ang pagsusuri nang ligtas, maaaring pansamantalang masuspinde o matigil ang pagtanggap nang walang paunang abiso

★ **(Paalaala3) Testing sa gabi sa Kita-Ku (Ika-5 na Biyernes) ＜Unang 100 na tao＞**

Araw at Oras: Mayo 31, Agosto 30, Nobyembre 29, at Enero 31, 2025 18:00～19:30
Lugar: Kita Ward Health and Welfare Center 1 Floor

chot CASTReservation

HIV Test Reservation Site

Smart Life Clinic

★ **(Paalaala4) Pagreserba sa chot CAST Rapid Testing sa Huwebes, Sabado at Linggo**

Magpapareserba sa "HIV Test Reservation Site" ng Smart Life Clinic

Ang oras ng pagtanggap ng reserbasyon ay 2 linggo hanggang 1 araw bago ng araw ng pagsusuri.
(Hal. Puwedeng magpareserba para sa Abril 18 (Huwebes) mula 00:00 ng Abril 5 (Biyernes) hanggang 23:59 ng Abril 17 (Miyerkules))

★**(Paalaala 5) Pagreserba sa chot CAST Rapid test para sa mga hindi kayang mag-Hapon at kailangan ng tagapagsalin**

Nagsasagawa ng pagsusuri na may tagapagsalin sa unang Linggo ng bawat buwan lamang. 14:00~15:30
Abril 7, 2024, Mayo 12, Hunyo 2, Hulyo 7, Agosto 4, Setyembre 1, Oktubre 6, Nobyembre 10, Disyembre 1, Enero 5 2025, Pebrero 2, Marso 2
Chinese at Vietnamese
Nagrereserba sa "HIV Test Reservation Site". Kung nahihirapang magreserba sa site, puwedeng gamitin ang "AIDS Telephone Consultation sa wikang banyaga" (tignan ang Q4★ sa likod) para magreserba.
Para sa detalye tignan ang HP: http://www.smartlifeclinic.com/

(Mayroon sa likod)

Q&A tungkol sa Test

Q1：Paano gagawin ang pagsusuri？

Papaano kumuha ng ihi Video→

・Ang pagsusuri sa HIV, syphilis at hepatitis ay “blood test” (hindi kailangang mag-fasting).
・”Urine test” ang chlamydia. Mangyaring huwag umihi ng 1 oras bago ang koleksyon ng ihi. Kung mas mahaba ang oras mula noong huli mong pag-ihi, magiging mas tumpak ito.

Q2：Kailan dapat magpasuri？

Sa simula ng impeksyon ng STD, may panahon (window period) na hindi lumalabas na positive kahit suriin ito at depende ito sa tao.
Ang panahon pagkatapos mong maimpeksyon ay ang window period kaya mag-ingat.
Okay lang magpasuri ng maaga, pero mas mabuting magpasuri ulit.

・HIV: 4〜8 na linggo (kung 3 buwan pagkatapos maakalang naimpeksyon, puwedeng masuri ito.)
・Syphyllis: 4 na linggo para sa “Regular Test”, 12 linggo para sa Rapid test
・Chlamydia: 3 araw〜3 linggo
・Hepatitis B: mga 3 buwan

Q3： Kung may simtomas, anong gagawin?

(Osaka Medical Facilities Information System)

Kung mayroon kang mga sintomas, mangyaring magpatingin isang institusyong medikal sa halip na kumuha ng pagsusuri.
Pumunta sa departamento ng urology (lalaki), ginekolohiya (babae), dermatology, at venereal disease.
Maaaring maghanap ng mga klinika at ospital sa Osaka Prefecture gamit ang Osaka Medical Facilities Information System.
Para sa mga sintomas na nagmumungkahi ng mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, mangyaring tingnan ang website ng Osaka City.

Q4：Gusto kong magkonsulta！

【AIDS Telephone Consultation sa ibang wika】★

NPO charm
TEL: 06-6354-5901
Martes: Ingles, Espanyol, Portuges
Miyerkules: Intsik
Huwebes: Ingles
※Lahat mula 4:00 pm 〜 8:00 pm
(hindi kasama ang Disyembre 28 hanggang Enero 4 ng susunod na taon)

【AIDS specialist consultation】

・Kita Ward Health and Welfare Center
una at ika-3 Miyerkules 2:00 -4:00 pm

・Chuo Ward Health and Welfare Center
una at ika-3 Huwebes 9: 30-11:30

※hindi kasama ang holiday, New Year holiday , atbp

【Pagkonsulta sa public health nurse】

・Osaka City Health Center o
・Health and Welfare Center sa bawat ward

(Osaka City HP)

(Para sa detalye tignan ang “Consultation Desk” sa HP ng Osaka City)→

Q5：Anong mangyayari kung positibo sa HIV?

・Kung positibo ang resulta ng HIV test, ipapaliwanag ng doktor ang resulta at bibigyan ka ng recommendation letter para sa ospital. Nagsusuporta rin kami para sa unang pagbisita, tulad ng paggawa ng appointment sa isang espesyal na pagamutan.
・Mayroong sistema upang bawasan ang mga gastos sa pagpapagamot. Kung nag-aalala ka sa gastos, maaari kang makipag-usap sa isang social worker sa ospital.
・Noon, kinatatakutan ang HIV na nakakamatay, pero umunlad ang pagpapagamot nito ngayon at puwede kang mabuhay ng matagal tulad ng taong walang sakit na ito. Maraming nagpapatuloy magtrabaho at mag-aral habang patuloy na nagpapagamot. Hindi kailangang baguhin ang pamumuhay dahil lamang naimpeksyon ng HIV.
・Alam mo ba ang U = U? Sa tamang paggamot, kung ang viral load ay patuloy na mapipigilan hanggang sa hindi na matukoy ang virus sa HIV test (Undetectable), hindi ka makakahawa ng HIV kahit na makipagtalik ka.

Q6：Paano kung magpositibo ako sa syphilis, chlamydia, o hepatitis B?

Kung positibo ang resulta, ipapaliwanag ng health nurse o doktor ang resulta at irerekomenda nitong magpatingin sa isang medikal na institusyon.

Q7: Gusto ko pang malaman ang tungkol sa HIV at STD!

●Pumunta sa HP para sa impormasyon

●Bagong imporasyon sa X（Dating Twitter） !



●Instagram【osakacity_hiv_sti】

【Para sa mga katanungan; Osaka City Health Center Infectious Diseases Countrol Center 06-6647-0656】